**WHEREAS**, Samahan sa Ikauunlad ng mga Maliliit na Mangingisda ng Barangay Duongan, Victoria, Oriental Mindoro forwarded a Resolution No. 1 Series of 2022 to DENR CENRO Socorro on August 25, 2022 stating their request for a settlement area and scontruction of shed where fisherfolks shall store their boats and gears and waiting/resting area whenever the condition in the lake is unfavorable for fishing activities; further stated that the facility shall also be available for tourists, Bantay Lawa and personnel of concerned agencies visiting/monitoring the area;

**WHEREAS**, stated under Section 108 of Republic Act 8550 or the Philippine Fisheries Code of 1998 – Fisherfolk Settlement Areas. – The Department shall establish and create fishfolk settlement areas in coordination with concerned agencies of the government, where certain areas of the public domain, specifically near the fishing grounds, shall be reserved for the settlement of the municipal fisherfolk. Nothing in this section shall be construed to vest ownership of any resettlement area to a municipal fisherfolk for whom said areas may have been reserved for or actually granted to.;

**WHEREAS**, the requesting party together with the Barangay LGU shall be responsible with the sustainable management of the structure and surroundings and shall follow provisions under existing laws; on the other hand, the PAMO shall regularly monitor the facility;

**NOW, THEREFORE**, be it resolved, as it is hereby resolved by the Protected Area

Management Board of Naujan Lake National Park, to endorse the designation of fisherfolk settlement area and construction of typhoon resilient 4 x 12 shed Barangay Duongan, Victoria within Naujan Lake National Park;

**APPROVED** this 31st day of August, 2022, on the motion of Assistant Regional Director Roberto R. Abrera of DA-BFAR and was unanimously seconded at Triple L Resort, Barangay Poblacion II, Victoria, Oriental Mindoro.

Prepared by:

**RICARDO R. NATIVIDAD**
Protected Area Superintendent, NLNP
Head, Secretariat

Attested by:

**ATTY. MANUEL P. DELICA**
Presiding Officer / MPDC, Socorro
PAMB Chairperson on Law Enforcement

Approved by:

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
PAMB Chairperson/OIC, Regional
Executive Director, DENR MIMAROPA

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES**
**NAUJAN LAKE NATIONAL PARK**
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro

# KATITIKAN NG PAGPUPULONG
## (3rd *Regular NLNP-PAMB Meeting*)

Petsa: August 31, 2022
Lugar: Triple L Resort, Barangay Poblacion II, Victoria, Oriental Mindoro

**Mga Dumalo:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. MARILYN M. ALCAÑICES | - | PAgO Fishery Sector, Calapan |
| 2. LORENZO T. CARREON II | - | MPDC, Pola (via zoom) |
| 3. RACHEL B. MONTERO | - | SRS II, DOST (via zoom) |
| 4. RONY A. PEREZ | - | Brgy. Chairperson, Leido, Victoria |
| 5. GREGORIO A. GEDUCOS | - | Brgy. Chairperson, Urdaneta, Victoria |
| 6. ENRIQUE P. CASTILLO, JR | - | Brgy. Chairperson, Montelago Naujan |
| 7. JERWIN M. MALABANAN | - | Brgy. Chairperson, Duongan, Victoria |
| 8. RENING A. CABATAY | - | Brgy. Chairperson, San Narciso, Victoria |
| 9. GERRY A. LANDICHO | - | Brgy. Chairperson, Mabuhay II, Socorro |
| 10. ATTY. MANUEL P. DELICA | - | MPDC, Socorro |
| 11. RICMAR B. AZUCENA | - | PCO, DWCC |
| 12. RENATO C. AÑONUEVO | - | Brgy. Chairperson, Dao, Naujan |
| 13. GRACE C. DIAMANTE | - | Executive Director, MBCFI (via zoom) |
| 14. AGATON E. DELOS SANTOS | - | Brgy. Chairperson, Bambanin, Victoria |
| 15. LYDIA MUÑECA S. MELGAR | - | PPDO, Calapan City (via zoom) |
| 16. ARNOLL C. PETALCO | - | Brgy. Kagawad, Laguna, Naujan |
| 17. ROBERTO R. ABRERA | - | ARD, BFAR-MIMAROPA |
| 18. SAME YUSAOEN | - | Brgy. Kagawad, Merit, Victoria |
| 19. RONALD B. RAMOS | - | Brgy. Secretary, Malabo, Victoria |
| 20. ALEX C. SALES | - | Brgy. Kagawad, Pasi II, Socorro |
| 21. EDWIN N. LAGUSTON | - | Brgy. Kagawad, Sto. Domingo, Socorro |
| 22. EDNA M. VILLANUEVA | - | Brgy. Kagawad, Pakyas, Victoria |
| 23. GABRIEL H. EVANGELISTA | - | Brgy. Secretary, San Pedro, Naujan |
| 24. ELVIRA R. BUENA | - | Brgy. Kagawad, Pasi I, Socorro |

**Mga Hindi Dumalo:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. RAQUELITA M. UMALI | - | MGDH-I, LGU Naujan |
| 2. LUIS L. MANGUBAT | - | Brgy. Chairperson, Tagbakin, Pola |
| 3. ALVIN L. MAMPUSTI | - | Brgy. Chairperson, Matulatula, Pola |
| 4. HIPOLITO V. MAÑIBO | - | Brgy. Chairperson, Batongdalig, Socorro |

**Mga Panauhin:**

1. JOBELLE CRUZADO - NEDA (via zoom)
2. RUTHER JOHN COL-LONG - NEDA (via zoom)
3. KARLA S. MANGUNDAYAO - DMO II, DENR MIMAROPA-RO
4. DEAN MOLINA - PMEO, DENR MIMAROPA-RO
5. AMOR D. ASI - DENR PENRO
6. JOSEHARI M. SARABIA - SAQ, BFAR MIMAROPA
7. REYMAR MALAPOTE - BFAR MIMAROPA
8. REYMUNDO DIMASACAT - President, LAMIA-Lapog, Socorro
9. RODEL M. BOYLES - CENR Officer, DENR CENRO Socorro
10. RICARDO R. NATIVIDAD - PASu, NLNP
11. JOSE MARIA M. FONTANILLA - ECOMS I/ APASu, NLNP
12. RAYSON C. ALFANTE - In-Charge, Admin., CENRO Socorro
13. RHONA C. LIWAG - Forest Ranger, CENRO Socorro
14. ERIC C. GITO - Park Maintenance Foreman, NLNP
15. HERRICK A. JURADO - Forest Ranger, CENRO Socorro
16. ARMANDO CABUNGCAL - Forest Ranger, CENRO Socorro
17. ROMALYN F. FLORES - Project Support Staff, NLNP
18. MARCIAL M. BUDING - DENR CENRO Socorro
19. NORMAN ASI - DENR CENRO Socorro

## PAGPUPULONG

Ang pagpupulong ay sinimulan sa ika 9:44 ng umaga sa pamamagitan pamamagitan ng isang panalangin ni APASu Jose Maria M. Fontanilla ng Naujan Lake National Park na sinundan ng pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas mula sa video presentation. Isang panimulang pagbati naman mula kay PASu Ricardo Natividad na pinasalamatan ang bawat miyembro ng Protected Area Management Board (PAMB) members sa kanilang pagdalo gayundin ang mga nasa virtual. Binati naman ni G. Fontanilla ang mga dumalo sa virtual at mga ahensya na kinakatawan ng bawat isa. Sa bahagi ng NEDA ay sina Bb. Jobelle Cruzado at G. Ruther John Col-Long at mula pa rin sa DENR Regional Office sina Bb. Karla Mangundayao at G. Dean Molina. Kinilala ni G. Fontanilla ang mga nagsipagdalo at mga panauhin. Kanya ding ibinahagi na may dalawampu't apat (24) ang dumalo sa pagpupulong.

Idineklara ni PASu Ricardo R. Natividad na may korum ito. Sinimulan niya ang pagbubukas ng nominasyon para sa pagpili ng magiging tagapagdaloy ng pagpupulong. Pinangunahan ni PAgO – Fisheries Sector Division Chief Marilyn M. Alcañices ang pagpili ng tagapanguna ng pagpupulong. Iminungkahi niya si Atty. Manuel P. Delica ng MPDC - Socorro na manguna sa pagpupulong na pinangalawahan ni Gng. Rachel B. Montero ng DOST. Kaya't inumpisahan ito sa pangunguna niya.

**Reading and Approval of the Previous Minutes of the Meeting**

Hiniling ng tagapanguna mula sa secretariat ang pagbasa ng katitikan ng nakaraang pagpupulong. Ipinahayag niya ang pagsusuri at pagpuna ng katitikan para sa kanilang pagtatama. Ito ay sinang-ayunan ng lahat. Binasa ni Bb. Romalyn F. Flores ang katitikan ng 2nd Regular Meeting ng PAMB na ginanap noong June 9, 2022 na ginanap sa 88 Hotel and Event Center, Poblacion I, Victoria, Oriental Mindoro.

Matapos mabasa ang buod ng katitikan, tinanong ng tagapanguna sa kapulungan kung may komento o paglilinaw tungkol sa nilalaman nito. Walang naging pagtatama sa nasabing katitikan kaya't iminungkahi ni G. Ricmar B. Azucena ng DWCC ang pagpasa ng binasang katitikan ng nakaraang pagpupulong na pinangalawahan ni Punong Barangay Rening A. Cabatay ng San Narciso, Victoria.

Sa huli ay ang pagbanggit sa mga *matters arising from the previous minutes* o addendum ng nakaraang pagpupulong ayon sa pagkasunod-sunod nito:

Hiniling ni Atty. Delica na magbigay ng update ang PAMO sa nakaraang ginanap na Consultative Meetings sa apat na bayan na sumasakop sa Naujan Lake National Park. Ibinigay ni G. Fontanilla ang mga naganap sa pagpupulong kung saan ang mga sumusunod ang naging paksa ng usapin sa mga itinakdang araw sa bawat bayan:

- August 24, 2022 (Umaga- Pola) Tagbakin, Pola Covered Court (Matulatula & Tagbakin)

  (Hapon- Socorro) Mabuhay II, Socorro Covered Court (Pasi I, Pasi II, Sto. Domingo, Lapog, Mabuhay II at Batongdalig)

- August 25, 2022 (Umaga- Victoria) Leido Covered Court (Merit, Bambanin, Leido, Pakyas, Malabo, Duongan, Urdaneta at San Narciso)

  (Hapon- Naujan) Dao Covered Court (San Pedro, Laguna, Dao, Bayani at Montelago)

- *Presentation of draft resolution re: Collection of fees for Non - Special Use Agreement in Protected Areas (Non-SAPA) application in NLNP* – Sa kabuuan ng pagpupulong sa apat na bayan (Pola, Socorro, Victoria at Naujan) ay napagsang-ayunan na mula sa 350,000 na minimum capital investment ay tataasan ng 500,000 na naging mungkahi ng karamihan upang mapaliit ang porsyento ng kanilang babayaran kasama ng administrative fee na Php3,000 para sa Non-SAPA fee ng isang aplikante.
- *Presentation of draft resolution re: collection of boat registration fee for large commercial boats in NLNP* – Ang kanilang rehistro ang magiging batayan na sila ay legal na nakakagamit ng lawa para sa kanilang bangkang gamit. Ang napagkasunduan na bayarin sa bangka na pansariling gamit ay sisingilan ng dalawandaang piso (200.00) at bangkang pang-komersyal o pangkalakal at transportasyon ay limandaang piso (500.00).

Matapos maibahagi ni G. Jose Maria M. Fontanilla ang mga naging kaganapan noong nakaraang *consultative meetings* sa apat na bayan (Pola, Socorro, Victoria at Naujan) na nasasakupan ng Naujan Lake National Park, iminungkahi ni Atty. Manuel P. Delica na maimbitahan ang apat na pangulo ng mga mangingisda ng bawat bayan sang-ayon sa nakaraang katitikan ng pagpupulong. Dagdag pa niya na dapat ring makapagluklok na ang mga mangingisda ng isang representante na dadalo sa bawat pagpupulong ng PAMB. Ayon kay ARD Roberto R. Abrera ng BFAR MIMAROPA ay maganda ang mungkahi ni Atty. Delica dahil ang pangulo ng mangingisda ang magiging kasangga ng PAMB para sa pagpapatupad ng mga polisiya. Gayundin ang pagkakaroon ng matibay na basehan upang lalong mapaigting ang mga batas na dapat nilang sundin. May isang polisiya siyang ibinahagi na maaaring makatulong sa PAMB na mula sa *DILG na Memorandum Circular No. 2018-59* noong April 23, 2018 na

*"Policies and Guidelines on the Regulation and Monitoring of Fishery Activities in Municipal Waters"*. Dagdag pa niya ang pagkakaroon ng Barangay Fisheries and Aquatic Resources Management Council o BFARMC sa bawat barangay na nasasakupan ng Naujan Lake. Sinagot naman ni G. Fontanilla na ang bayan na lamang ng Naujan ang walang LFARMC mula sa apat na munisipyo ayon sa pagtatanong nila sa mga barangay ng Naujan at kanilang isasangguni na lamang sa munisipyo.

**Presentation and Approval of the Agenda**

Prinesenta ni Atty. Delica ang adyenda ng pagpupulong at wala namang naging tanong at paglilinaw tungkol sa nasabing adyenda.

Iminungkahi ni PAgO – Fishery Sector Division Chief Marilyn M. Alcañices ang pagpasa ng adyenda ng pagpupulong na sinang-ayunan ng nakararami.

**Meeting Agenda**

**Endorsement of Resolution regarding fees for Non-Special Use Agreement in Protected Areas (Non-SAPA)**

Sa naging paliwanag ni G. Jose Maria M. Fontanilla sa nakaraang consultative meetings patungkol sa usapin ay napagkasunduan na kung sakali na ito ay mapagtibay ay ide-delegate ang Protected Area Management Office (PAMO) sa pagbibigay ng clearance para sa pagpapatunay na ang aplikante ay sumunod sa mga proseso ng pagbabayad at requirements para sa aplikasyon. Mungkahi naman ni Punong Barangay Renato C. Añonuevo ng Barangay Dao, Naujan na bago sila magbigay ng sertipikasyon sa bahagi ng barangay, na isa rin sa mga requirements ay hihintayin muna ang sertipikasyon mula sa PAMO na bayad na ang proponent sa administrative fee na sinang-ayunan naman ng lahat. Ang naunang Php350,000 na mimimum capital investment ay tataasan sa Php500,000 ay minungkahi ni Punong Barangay Gerry A. Landicho ng Mabuhay II, Socorro na pagtibayin na. Ito naman ay sinang-ayunan ng mayorya. Ang resolusyon ay minungkahing pagtibayin ni Punong Barangay Renato C. Añonuevo ng Barangay Dao, Naujan na sinang-ayunan ng karamihan.

Sa huli ay binanggit ni Punong Barangay Rony A. Perez ng Barangay Leido, Victoria kung may basehan na ba o resulta ang ginawang boundary determination sa Naujan Lake upang matukoy na nila kung hanggang saan ang kanilang sakop. Sinagot naman ni Atty. Delica na wala pang basehan pero patuloy pa rin naman na ginagawa ito. Ibinagi ni G. Fontanilla ang mapa noong nakaraang survey o SEAMS na ginawa ng PAMO sa lahat ng barangay na nakasakop sa Naujan Lake. Kung saan ay naipakita na ang mga lugar na nasa loob at labas na ng NLNP. Dagdag pa niya, maaaring magrequest ang mga barangay ng presenya ng PAMO sa kani-kanilang lugar upang magtulungang magpaliwanag ng mga *proposed policies* at pagtukoy ng hangganan ng *protected area*.

**Amendment of Resolution No. 1 Series of 2022 regarding collection of fees for big boats**

Katulad na naunang paliwanag ni G. Jose Maria M. Fontanilla tungkol sa usapin at mga naging mungkahi ng mga may-ari ng bangkang malalaki. Ang kanilang rehistro ang magiging batayan na sila ay legal na nakakagamit ng lawa para sa kanilang bangkang gamit. Ang napagkasunduan na bayarin sa bangka na pansariling gamit ay sisingilan ng dalawandaang piso

(Php200.00) at bangkang pang-komersyal o pangangalakal at transportasyon ay limandaang piso (Php500.00).

Ayon kay ARD Roberto R. Abrera ng BFAR MIMAROPA, ay kung empowered ba sa apat na munisipyo ang taxation power ng LGU at kung ang mga mangingisda ba ay sinisingilan pa ng LGU o PAMO na lamang. Dahil kung ibabase sa batas ay may karapatan ang LGU na singilan ang mga mangingisda, kaya't iminungkahi niya na magkaroon na lamang ng kasunduan ang LGU at PAMO para sa usapin na ito. Dagdag sa mungkahi mula kay Atty. Delica na padalhan ng sipi ang apat na munisipyo upang ibahagi sa kanila ang nilalaman ng ating resolusyon bago ito mapagtibay. Dagdag ni ARD Abrera na isama sa registration form kung ilang taon na ang ginagawang pangingisda, sukat ng bangka at uri ng pamamalakaya. Nakasaad sa batas ng *Mandanas Ruling* na ang makokolekta sa mangingisda ay maibabalik rin sa kanila sa paraan ng mga gagawing pagtuturo sa kanila ng mga paraang makakatulong sa kanilang pangingisda katulad halimbawa ng pagpapataas ng kanilang huli at iba pang pamamaraan. Mga lisensyadong kinatawan mula sa mga ahensya na maaring makatulong sa mga mangingisda ang dapat na maging tagapagsalita o magpapadaloy ng kanilang pag-aaral upang maging tama ang mga pamamaraan. Ayon naman kay Atty. Delica ay maaari namang ang PAMO ang manguna sa pagkuha ng mga lisensyadong magtuturo para dito. Kailangan ay nakapagtapos ng BS Fishery upang maging mas epektibo ang implementasyon ng ating mga polisiya gayundin ang pagsama sa magiging programa ay ang *general perspective* ng pangisdaan. Sa huli ay ang muling pagbanggit ni Atty. Delica para sa pagbibigay ng sipi sa apat na munisipyo at kung walang komento ay maari nang pagtibayin sa ika-apat na pagpupulong ng NLNP-PAMB. Hiniling naman ni ARD Abrera na isama sa ipamimigay na sipi para sa apat na munisipyo (Mayor, Vice Mayor at MPDO) kabilang ang mga barangay na kalakip ang *memorandum* upang maging legal nilang basehan ito. Mungkahi naman ni Punong Barangay Rony A. Perez ng Barangay Leido, Victoria na kung maaari ay imbitahan ang apat na pangulo ng fisherfolks ng bawat bayan upang sila ay magkaroon ng kaalaman tungkol dito. Sa huli ang naging kasunduan na kung loob ng isang buwan ay walang naging komento ay maaari na itong iendorso ng PAMO, alinman sa apat na munisipyo ay magkaroon ng isang hindi sasang-ayon ay itutuloy pa rin ang pagpasa nito, ayon kay Atty. Delica. Dagdag pa niya, magkakaroon ng pormal na mungkahi para sa mga sipi na ibabahagi sa apat na munisipyo kung sakali na may isa na hindi sasang-ayon ay ganun pa rin ang magiging kasunduan. Ang magiging resulta ng usaping ito ay isasama sa susunod na pagpupulong na NLNP-PAMB. Iminungkahi ang pagpapaliban ni Punong Barangay Rening A. Cabatay ng San Narciso, Victoria na pinangalawahan ni PAgO – Fishery Sector Division Chief Marilyn M. Alcañices.

**Presentation of Biodiversity Monitoring System (BMS) for 3rd Quarter**

Ipinakita sa pamamagitan ng powerpoint presentation ang mga naging *accomplishment* ng PAMO sa quarter na ito. Ang *Biodiversity Monitoring System* o BMS ay regular na ginagawa upang magkaroon ng datos sa dami ng mga resources na nasa lawa at tumukoy sa mga issues and concerns ng mga komunidad. Kabilang rin dito ang kaalaman sa dami ng mga isdang nahuhuli ng ating mga rehistradong mangingisda sa lawa at gamit-pangisda ng mga ito. Nagkakaroon ng Focus Group Discussion o FGD sa mga barangay sa loob ng lawa upang malaman ang kanilang mga gustong ibahagi, mapabanta man ito o dagdag kaalaman sa pangaraw-araw nilang pamumuhay. May mga ilang nabanggit na gamit-pangisda katulad ng *skylab*, salapang at sigpaw na maaaring maging banta sa bawal na panghuli ng isda.

Ibinahagi ni Punong Barangay Rening A. Cabatay ng San Narciso, Victoria na ang *skylab* na tinatawag ay ultimong semilya ay nakakapasok at mga hipon ay dala nito. Ang salapang naman ay parang linya ng kuryente na may limang metro ang haba na pati

mangunguryente ay nakukuryente kapag gamit ito. Ang mga nabanggit ay *destructive* sa biya dahil ito ay pino, pagsasaad ni PAgO – Fishery Sector Division Chief Marilyn M. Alcañices. Ayon naman kay Punong Barangay Jerwin Malabanan ng Duongan, Victoria ay kahit sa bubo ay pasok ang biya.

May mga naibahagi si PASu Ricardo R. Natividad na sa tuwing magkakaroon ng patrolling sa Naujan Lake ay agad na nalalaman sa mga lugar na kanilang pupuntahan kaya't hindi sila makaabot sa mga nag-iiligal na mangingisda. Kaya't hiling niya na makipagtulungan ang mga Punong Barangay upang mapaigting ang batas sa lawa. Ayon kay Punong Barangay Gerry Landicho ng Mabuhay II, Socorro ay maaari naman silang makipagtulungan ngunit may mga pagkakataon na ito lamang ang tanging pinagkukunan nila ng pangaraw-araw kaya't hindi rin nila basta mapatigil. May punto ang sinabi ni Kapitan Landicho, ayon kay Bb. Alcañices ngunit paano naman ang batas sa lawa kaya't kanyang iminungkahi ang pagkakaroon ng *closed season* upang maiwasan ang ganitong pagkakataon. Dagdag naman ni G. Reymundo Dimasacat, Pangulo ng LAMIA ng Sto. Domingo na ipatupad ang mga nabanggit upang maging responsable ang mga mangingisda. Ayon naman kay Punong Barangay Rony A. Perez ng Leido, Victoria ay nais niyang magkaroon ang PAMB ng itatalaga sa bawat barangay upang maging tagapagpaigting ng mga batas na ito at hindi na sa kanilang mga Punong Barangay dapat iaasa ang responsibilidad na katulad nito. Sa bahagi ng PAMO, nabanggit ni PASu Natividad na ang opisina at tumatanggap kahit sa mensahe o tawag lamang upang ipahatid ang nangyayaring pag-iiligal sa inyong barangay. Ngunit idinagdag ni Bb. Alcañices na ang Punong Barangay ang responsable dito lalo na at bilang kinatawan ng PAMB. Nais niyang magtulungan ang bawat isa. Mungkahi naman ni ARD Abrera na kung magkakaroon sana ng alternatibong pamamaraan ay maaari itong maibigay sa mga mangingisda. Aniya ito ay makakatulong upang mapaigting ang batas sa lawa kasama ang iba pang ahensya ng gobyerno. Kung sakali naman na ito ay papayagan ay nais ni Atty. Delica na magsumite ang PAMO ng *Activity Design at logistics* para sa itatalagang mga bantay-lawa. Idinagdag ni Kapitan Cabatay na kahit *honoraria* lamang ang pagtibayin na maibigay sa mga makukuhang bantay lawa.

**Results of METT Assessment and Protected Area Threats Forms**

Ibinahagi ni Bb. Karla Mangundayao sa pamamagitan ng powerpoint presentation ang naging resulta ng isinagawang assessment noong August 30, 2022. Ang naging basehan kung nagkaroon ng pagbabago ay noong taong 2019 na nagsagawa ng pagsagot ng nasabing forms. Itinanong ni Bb. Diamante kung nakalagay ba sa form kung may *significant changes* ang bawat usapin na sinagot ni Bb. Mangundayao na ito ay isinusulat sa bawat tanong kung sakali na magkaroon ng pagbabago sa nabanggit na usapin. Sa huli ang naging rating sa ginawang assessment batay sa mga isinagot ng ating PAMB members ay 52.88%.

**Discussion re: use of "Bonbon" fishing method**

Naging katanungan ni Kagawad Arnoll C. Petalco ng Barangay Laguna, Naujan kung ito ba ay papayagan na maging legal na gamit-pangisda sa lawa. Sinagot ni Bb. Alcañices na ang 'bonbon' ay parang 'payaw' na nagsisilbing pasilungan ng mga isda kaya't ito ay kinokonsidera na active gear at nagiging mapanira ito lalo na sa pamamaraan ng pag-harvest. Binubulabog ang paraan ng paggamit nito sa panghuli at puro malalaki lamang ang kanilang nahuhuli dahil malaki ang butas nito, ayon kay Kapitan Rening A. Cabatay ng San Narciso. Mungkahi ni Atty. Delica na puntahan ang lugar sa Barangay Laguna upang aktuwal na magkaroon ng inspeksyon ang PAMO at kinatawan mula sa barangay pati na ang BFAR at

PAgO upang maging gabay at gawan ng dokumento upang maibahagi sa susunod na pagpupulong ng PAMB.

**Discussion re: Massive Dredging along Butas River**

Binuksan ni Atty. Delica ang usapin ukol sa massive dredging na kailangan ng Butas River dahil sa siltation dito ay palagian at mas malalaki ang baha sa lawa. Gayundin aniya, nagiging harang sa migration ng mga isda at mga debris sa *ilog pati* ang mga *iligal na paghuli* ng isdang nakataan dito. Nagmungkahi si Bb. Alcañices ng isang resolusyon para sa massive dredging of Butas River para sa migratory fishes at labas sa siltation na pinangalawahan ni Punong Barangay Jerwin Malabanan ng Duongan, Victoria. Dagdag pa ni Atty. Delica mailakip sana sa resolusyon ang mga legal basis at malayang maayos ito kaakibat ang Provincial Governor, District I Representative, DPWH Regional Director at Mines and Geosciences Bureau (MGB).

## OTHER MATTERS

**Resolusyon para sa hiling na Bahay – Pahingahan ng Barangay Duongan, Victoria**

Ibinahagi ni Punong Barangay Jerwin Malabanan ng Duongan, Victoria ang kanilang kahilingan upang maging silungan ng mga mangingisda sa tabing-lawa. Ito rin ang magsisilbing taguan ng kanilang mga gamit sa pangisda upang hindi na nila bitbitin pa pabalik sa kanilang mga bahay. Ang nasabing bahay-pahingahan ay malapit sa bahayan at hindi sa lawa. Binanggit ni G. Jose Maria Fontanilla na ang kanilang hiling ay nauna nang inilapit sa PAMO at gagamiting pahingahan ng mga mangingisda na may sukat na 4x12. Ayon naman kay ARD Roberto Abrera ng BFAR MIMAROPA na nakasaad sa *Fisheries Code of the Philippines RA 8550 Section 108*, ang pagkakaroon ng mga mangingisda ng tinatawag na *settlement area* para sa kapakanan ng mga mangingisda. Naayon naman ito sa batas at magsisilbi ring taguan ng kanilang mga gamit pangisda kaya't iminungkahi niya ang pagpasa ng kanilang kahilingan na sinang-ayunan ng karamihan. Ang pagmungkahi ni ARD Abrera ay binigyan ng magandang puna ng tagapanguna sapagkat kaakibat ang pag-ayon sa batas ng bawat kahilingan na maaaring maisama sa investment planning ngayong $4^{th}$ quarter.

Nagbigay naman ng kanya ring kahilingan ang Punong Barangay Rony A. Perez ng Barangay Leido sa kaparehas na kahilingan ng Barangay Duongan na magiging silungan kapag masama ang panahon na ikinumpara sa isang landing site ni Atty. Delica. Ang plano nila ay gagamit lamang ng mga tubo na may halagang Php50,000 para sa pagbuo nito na animo ay *lighthouse*. Mungkahi ni Atty. Delica ang paggawa nila ng letter request para sa Mayor at Municipal Engineering Office ng LGU Victoria at ilagay ang magiging pakinabang nito sa mangingisda ng inyong barangay. Sa panig naman ni Kapitan Malabanan ay tinanong niya kung maaari ba na kumuha ng buhangin sa Naujan Lake dahil may mga dumadayo sa kanilang lugar upang kumuha ng sako-sako. Ang usapin na nabanggit at binigyang payo ni Atty. Delica na sulatan ang CENRO Rodel M. Boyles ng DENR CENRO Socorro upang ipagbigay alam ang gawaing ito.

Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-3:27 ng hapon sa pamamagitan ng mungkahi ni Gng. Grace C. Diamante ng MBCFI na pinangalawahan ni SRS II Rachel B. Montero ng DOST.

Inihanda ni:

**RICARDO R. NATIVIDAD**
PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan ni:

**ATTY. MANUEL P. DELICA**
MPDC Socorro/Tagapanguna

Pinagtibay ni:

**LORMELYN E. CLAUDIO**
Regional Executive Director/PAMB Chairperson

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**MIMAROPA Region**
Community Environment and Natural Resources Office

PHOTOS OF DURING THE CONDUCT OF NLNP-PAMB THIRD REGULAR MEETING CUM MANAGEMENT EFFECTIVENESS ASSESSMENT (MEA)
AT 88 HOTEL AND EVENT CENTER, POBLACION I, VICTORIA, OR. MINDORO
AUGUST 31, 2022
























Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro
Email: cenrosocorro@gmail.com


Zoom Meeting
Recording
Original Sound: Off
Mindoro Biodiversity
Jose Maria Fontanilla
DOST-OrMin_Rachel Montero
NEDA Ruther John Col-long
PAGO_ORMIN Cherry Mingo
PENRO OrMindoro
PENRO_AMOR ASI
PENRO_AMOR ASI
Lydia Muneca S. Melgar
Activate Windows
Go to Settings to activate Windows.
Type here to search
2:31 PM
8/31/2022


Zoom Meeting
Recording
Original Sound: Off
Mindoro Biodiversity
Jose Maria Fontanilla
DOST-OrMin_Rachel Montero
NEDA Ruther John Col-long
PAGO_ORMIN Cherry Mingo
PENRO OrMindoro
PENRO_AMOR ASI
PENRO_AMOR ASI
Lydia Muneca S. Melgar
Activate Windows
Go to Settings to activate Windows.
Type here to search
2:31 PM
8/31/2022

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet

**Third Regular Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Meeting**
**Cum Management Effectiveness Assessment (MEA)**

Triple L Resort, Poblacion II, Victoria, Oriental Mindoro
August 31, 2022

**PAMB Members**

| No. | Name | Sex | | Position | Office/Address | Contact No. | Signature | Temperature |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | M | F | | | | | |
| 1. | Gregorio A. Gadus | ✓ | | P.B | Urdaneta | 09287663470 | [signature] | |
| 2. | Marilyn M. Villanueva | | ✓ | Supervising Agri | PAgO | 09178756177 | [signature] | |
| 3. | ELVIRA R. PAMENA | | ✓ | Brgy. Kagawad | Pasi I | 09158740891 | [signature] | |
| 4. | ALEX C. SALES | ✓ | | BRGY. KGWD. | PASI II | | [signature] | |
| 5. | ENRIQUE P. CASTILLO | ✓ | | P.B. | MONTELAGO | 09358841783 | [signature] | |
| 6. | ARNOLD C. PETALCO | ✓ | | S.B. MEMBER | LAGUNA | 09354401820 | [signature] | |
| 7. | SAMI YUSADEN | ✓ | | KAGAWAD | MERIT | | [signature] | |
| 8. | RENATO C. ANONUEVO | ✓ | | PB | DIAD | | [signature] | |
| 9. | Edwin N. Lagustan | ✓ | | KAGAWAD | LAPOG | 09267600253 | [signature] | |
| 10. | JERWIN M. MALABANAN | ✓ | | P.B | DUONGAN | 09263174468 | [signature] | |
| 11. | REYNO A. CABATAY | ✓ | | P.B. | SN NARCISO | 0927498415 | [signature] | |
| 12. | Agaton E. delos Santos | ✓ | | P.B. | Bambanin | | [signature] | |
| 13. | RONY A. PEREZ | ✓ | | P.B | LEIDO | 09979047421 | [signature] | |
| 14. | Edna M. Villanueva | | ✓ | Kagawad | Palyas | 09351825633 | [signature] | |
| 15. | MANUEL P. DELDA | ✓ | | MAFDC | MAFDO-SOCORRO | 09399151586 | [signature] | 36.30 |

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet

**Third Regular Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Meeting**

**Cum Management Effectiveness Assessment (MEA)**

Triple L Resort, Poblacion II, Victoria, Oriental Mindoro

August 31, 2022

**PAMB Members**

| No. | Name | Sex | | Position | Office/Address | Contact No. | Signature | Temperature |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | M | F | | | | | |
| 16. | GABRIEL H. EVANGELISTA | ✓ | | Barangay Secretary | San Pedro, Naujan | 0977-651-0996 | [signature] | |
| 17. | LYDIA MUÑECA MELGAR (via zoom) | | ✓ | PPDC | PPDO | | | |
| 18. | RACHEL B. MONTERO (via zoom) | | ✓ | | DOST | | | |
| 19. | RONALD B. RAMOS | ✓ | | SECRETARY | BRGY. MALABO | | [signature] | |
| 20 | RICMAR B. AZUCENA | ✓ | | PCO | DWCC, Calapan City | 09231407226 | [signature] | |
| 21. | ROBERTO R. ABOREDA | ✓ | | ARD | BFAR MIMAROPA | 0919-9524953 | [signature] | |
| 22 | JOSEHARI M. SARAFIN | ✓ | | SAQ | BFAR MIMAROPA | 09174006216 | [signature] | |
| 23 | REYMAR MALABOTE | ✓ | | BFAR DRIVER | -DO- | 09279663990 | [signature] | |
| 24 | GERRY A. LANDICHO | ✓ | | BARANGAY CAPTAIN | MABUHAY 2 | 09158040281 | [signature] | |
| 25. | LYDIA MUÑECA MELGAR (via zoom) | | ✓ | PPDC | PPDO | | | |
| 26. | RACHEL B. MONTERO (via zoom) | | ✓ | | DOST | | | |
| 27. | GRACE C. DIAMANTE (via zoom) | | ✓ | ED | MBCFI | | | |
| 28. | RUTHER JOHN COL-LONG (via zoom) | ✓ | | | NEDA | | | |
| 29. | JOBELLE CRUZADO (via zoom) | | ✓ | | NEDA | | | |
| 30. | LORENZO T. CARLEON (via zoom) | ✓ | | OIC - MPDO | LGU POLA | | | |

Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Attendance Sheet

**Third Regular Naujan Lake National Park – Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Meeting**

**Cum Management Effectiveness Assessment (MEA)**

Triple L Resort, Poblacion II, Victoria, Oriental Mindoro

August 31, 2022

**Visitors**

| No. | Name | Sex | | Position | Office/Address | Contact No. | Signature | Temperature |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | M | F | | | | | |
| 1 | Karen S. Mangundayao | | ✓ | DMO II | DENR MIMAROPA RO / Manila | 09338678370 | [signature] | |
| 2 | DEAN ANGELO S. MOLINA | / | | PMEO | " | 09561271654 | [signature] | |
| 3 | Reymundo Binasacal | ✓ | | Pres. | LAMIA / Capog | 09123222600 | [signature] | |
| 4. | [illegible] C. Liwag | | | | | | [signature] | |
| 5. | Jose Maria M. [illegible] | ✓ | | Ecoms I | CENRO Socorro | | [signature] | |
| 6. | Romalyn F. Flores | | – | PSS | " | | [signature] | |
| 7. | Eric C. Gito | / | | PMF | " | | [signature] | |
| 8. | Armando Cabungcal | / | | FR | " | | [signature] | |
| 9. | Hervide Jurado | / | | FR | " | | [signature] | |
| 10. | Norman Asi | / | | FR | " | | [signature] | |
| 11. | Marcial Buding | / | | FTI | " | | [signature] | |
| 12. | Ricardo R. Natividad | / | | Senior Ecoms | " | | [signature] | |
| 13. | Amor D. Asi (via zoom) | | – | CDD Chief | PENRO | | | |
| | | | | | | | | |
| | | | | | | | | |